
Ang Babaeng
Iyon Na
Si Jezebel

Ni

Rev. William Marrion Branham

Ang Babaeng Iyon Na Si Jezebel

ANG SAWAY

Apocalipsis 2:20, “Datapuwa’t mayroon Akong laban sa iyo, na pinahintulutan (kinunsinti) mo ang babaing si Jezebel, na nagpapanggap na propetisa, at siya’y nagtuturo at humihikayat sa aking mga lingkod upang makiapid, at kumain ng mga bagay na inihahain sa mga diosdiosan.”

Ngayon sa talatang ito ay nais kong bumaba kayo sa talata 23 at makita ang patunay ng isang dakilang katotohanan na matagal ko nang inihahatid sa inyong pansin. “At papatayin Ko ng kamatayan ang kaniyang mga anak; at malalaman ng lahat ng mga iglesya na Ako’y Yaong sumasaliksik ng mga pag-iisip at ng mga puso.” Matagal ko nang sinasabi na may dalawang iglesya sa katunayan, bagaman ang Espiritu ay nangungusap sa kanilang dalawa sa bawat kapanahunan, na tila ba sila ay *iisa* lamang. Dito ay maliwanag na sinasabing may *mga iglesya*, at ipinapahayag nito nang sadyang maliwanag na ang ilan sa mga iglesyang iyon ay napakalinaw na HINDI nakakaalam na Siya Yaong Isang sumasaliksik ng mga pag-iisip at ng mga puso. Patutunayan Niya sa kanila na gayon nga iyan. Ngayon kung gayon, anu-anong mga iglesya kaya ang mga hindi nakakatalos ng katotohanang ito? Mangyari pa’y iyon ang bulaang grupo ng puno ng ubas sapagkat tiyak na alam ng mga tunay na mananampalataya na ang paghatol ay nagsisimula sa tahanan ng Diyos, at sila bilang mga may-takot-sa-Diyos, ay nagsisipaghatol sa kanilang mga sarili upang sila’y hindi mahatulan.

Ngayon bakit tinatawag ng Diyos ang mga iglesyang ito na Kanyang mga iglesya kahit na sila ay ang bulaang puno? Ang katotohanan ay mga Cristiano sila. Ngunit sila ay hindi mga Cristiano sa Espiritu. Sila ay mga Cristiano sa laman. Dinadala nila ang Pangalan sa kawalang-kabuluhan. Marcos 7:7, “Datapuwa’t walang kabuluhan ang pagsamba nila sa Akin, na itinaturo bilang aral ang mga utos ng mga tao.” Subalit tiyak nga na sila ay mga Cristiano dahil ano pa nga ba kaya sila? Ang isang Mohammedan ay isang Mohammedan. Iyan ang kanyang relihiyon

gaano pa man niya ito ipinamumuhay dahil sa teorya sumasang-ayon siya sa kung ano ang itinuturo ng Koran. Sa gayon ding paraan na ang isang Cristiano ay isang Cristiano hangga't siya'y sumasang-ayon sa katotohanang si Jesus ay ang Anak ng Diyos, na isinilang ng isang birhen, ay ipinako sa krus at namatay at nabuhay na mag-uli, na Siya ay ang Tagapagligtas ng sangkatauhan, atbp. *(Sa katunayan, sa Kapanahunan ng Laodicea ay magkakaroon ng mga tinatawag ang kanilang sarili na mga Cristiano dahil sumasang-ayon sila sa magagandang mga katangian ni Jesus, habang inirereserba sa kanilang mga sarili ang karapatang itanggi ang Kanyang Pagka-Diyos. Nagawa na iyan ng mga Christian Scientist pati na ng mga karamihan na nangangaral ng isang Ebanghelyong Panlipunan).* Isa siyang Cristiano sa pangalan lamang at kaanib sa simbahan. Subalit hindi siya isang TUNAY o Espirituwal na mananampalataya. Ang ganyang uri ng mananampalataya ay isang nabautismuhan na papasok sa katawan ni Cristo at isang kabilang sa Kanya. Subalit gayon pa man, nasa kautusan ng Diyos na ang mga panirang damo ay mangagsitubong kasama ng mga trigo at hindi sila bubunutin. Iyan ang utos ng Diyos. Darating din ang kanilang araw para bigkisin at sunugin; ngunit hindi pa sa ngayon.

Kaya ang Espiritu ay nangungusap dito sa magkahalong grupong ito. Sa kabilang banda Siya ay namumuri, at sa kabila naman Siya ay nananaway. Sinabi na Niya kung ano ang tama sa isang tunay na mananampalataya. Ngayo'y nagbibigay-babala na Siya sa kung ano ang nararapat gawin ng bulaang puno kung tatayo nga itong inaring-ganap sa harapan ng Panginoon.

ANG BABAENG IYON NA SI JEZEBEL

Ipinakita sa atin ni apostol Santiago ang daang tinatahak ng kasalanan. Santiago 1:14-15, "Kundi ang bawa't tao ay natutukso pagka nahihila ng sariling masamang pita, at nahihikayat. Kung magkagayo'y ang kahalayan kung maipaglihi, ay nanganganak ng kasalanan, at ang kasalanan, pagka malaki na, ay namumunga ng kamatayan." Ngayon iyan ang larawan ng talagang kung ano ang nagaganap sa mga kapanahunan ng iglesia.

Kung paanong ang kasalanan ay nagsimula sa isang pandama lamang, gayon din naman na ang kamatayan sa iglesya ay nagsimula sa payak, na halos di-*napapansing* mga gawa ng mga Nicolaita. Mula sa mga gawa ay nagtungo ito sa isang doktrina. Mula sa doktrina ay tinanggap nito ang kapangyarihan ng estado at ang pagpapasimula ng paganismo. Ngayon sa kapanahunang ito ay nagtungo ito sa kanyang sariling propetisa (guro) at kung kaya ito'y patuloy na naglalakbay hanggang sa matagpuan na nito ang sarili nito na nasa dagat-dagatang apoy, pagkat diyan talaga ito matatapos, sa ikalawang kamatayan.

Ngayon ang buong sigaw ng Diyos laban sa ikaapat na kapanahunang ito ay matatagpuan sa Kanyang pagtuligsa rito sa propetisang, si Jezebel. At upang maunawaan nang husto kung bakit Niya labis na tinutuligsa siya, kakailanganin nating hanapin ang kanyang kasaysayan sa Biblia at kapag nalaman na natin kung ano ang ginawa niya noon doon, ay mababatid natin kung ano ang nagaganap na sa panahong ito.

Ang una at pinakamahalagang bagay na napag-aalaman natin tungkol kay Jezebel ay HINDI siya isang anak na babae ni Abraham, ni ang kanyang pagkakapasok man sa mga angkan ng Israel ay isang may maka-espirituwal na pagtanggap gaya noon kay Ruth, na Moabita. Hindi po. Ang babaeng ito ay anak ni Ethbaal, na hari ng Sidon (Unang Mga Hari 16:31), na siyang saserdote noon kay Astarte. Nakuha niya ang trono sa pamamagitan ng pagpaslang sa kanyang hinalinhan, na si Pheles. Kaya nakikita natin mismo kaagad na siya ay anak ng isang mamamatay-tao. (Ito ay tiyak na nakapagpapaalala sa atin kay Cain.) At kung paano siya naging isang bahagi ng Israel ay hindi sa pamamagitan ng espirituwal na mga kaparaanan na itinalaga ng Diyos para sa pagtanggap sa mga Gentil; kundi siya'y nakapasok sa pamamagitan ng PAKIKIPAG-ISANG-DIBDIB kay Ahab, na hari ng sampung angkan ng Israel. Ngayon itong pag-iisa gaya ng atin nang nakita ay hindi Espirituwal; ito ay pulitikal. At kung kaya ang babaeng ito na babad na sa pagsamba sa mga diyos-diyosan ay wala ni katiting na hangaring maging isang sumasamba sa Nag-iisang Tunay na Diyos, kundi sa halip ay dumating siya na may tahasang ipinahayag na mga intensiyong

ilayo ang Israel sa Panginoon. Ngayon alam na ng Israel (ang sampung angkan) kung ano ba ang pagsamba sa mga gintong guya, ngunit hindi pa muna sila noon ganap na nahatak na sa pagsamba sa mga diyos–diyosan, dahil ang Diyos ay sinasamba pa noon at ang batas ni Moises ay kinikilala. Subalit mula sa panahon noon ng pakikipag–isang–dibdib ni Ahab kay Jezebel, ang pagsamba sa mga diyos–diyosan ay lumaganap nang lubhang napakabilis. Ito’y kung kailan ang babaeng ito ay naging isang babaeng pari sa mga templong ipinatayo nito para kina Astarte (Venus) at Baal (diyos na araw) na ang Israel ay dumating sa pinakamalubhang bahagi ng kanyang buhay.

Sa pagsasaalang–alang dito ay masisimulan na nating makita kung ano ang ipinagbibigay–alam ng Espiritu ng Diyos dito sa Kapanahunang ito ng Tiatira. Narito na.

Pinakasalan ni Ahab si Jezebel at ginawa niya iyon bilang isang pakanang pulitikal upang palakasin ang kanyang kaharian at patatagin iyon. Ganyang–ganyan ngang talaga ang ginawa ng simbahan nang ito’y makipag–isang–dibdib sa ilalim ni Constantine. Nagsanib silang dalawa para sa pulitikal na mga kadahilanan, bagama’t pinalabas nila itong parang espirituwal. Ngayon walang makakahikayat sa akin na si Constantine ay isang Cristiano. Isa siyang pagano na may tila ba mala–Cristianong mga palabas lang. Pinapintahan niya ng mga puting krus ang mga kalasag ng mga mandirigma. Siya ang pasimuno ng Knights of Columbus. Naglagay siya ng isang krus sa mataas na tore ng Sta. Sophia na sa gayong para’y nakapagpasimula ng isang tradisyon.

Si Constantine ang may ideya noon na pagsama–samahin ang lahat, ang mga pagano, ang mga Cristiano sa pangalan lamang at ang mga tunay na Cristiano. At pansamantala’y nagmistula iyon na tila ba magtatagumpay nga siya sapagkat ang mga tunay na mananampalataya ay nagsidalo upang tingnan kung maibabalik pa kaya nila yaong mga napalayo na sa Salita. Nang makita nilang hindi na nila sila maibabalik pa sa katotohanan, napilitan silang humulagpos mula sa naturang katawang pulitikal. Pagkatapos nang gawin nga nila, sila ay tinawag na mga erehe at pinag–uusig.

Hayaang sabihin ko rito mismo na mayroon tayong gayung–gayon ding bagay na nagaganap na mismo ngayon. Ang mga tao'y nagkakatipun–tipon nang lahat. May isinusulat silang isang Bibliang babagay sa bawat isa maging ito man ay isang Judio, Katoliko o Protestante. Mayroon silang sarili nilang Konseho ng Nicaea pero tinatawag nila iyon na Konsehong Ekumenikal. At alam ba ninyo kung sino ang kinakalaban ng lahat ng mga organisasyong ito? Kinakalaban nila ang mga tunay na Pentecostal. Hindi ko tinutukoy ang organisasyong tinatawag na Pentecostal. Ang ibig kong sabihin ay yaong mga Pentecostal dahil sila ay puspos ng Banal na Espiritu at taglay ang mga tanda at mga kaloob sa kanilang kalagitnaan sapagkat sila'y lumalakad sa katotohanan.

Nang pakasalan ni Ahab si Jezebel para sa mga pulitikal na kadahilanan ay ipinagbili niya ang kanyang karapatan ng pagkapanganay. Umanib ka sa isang organisasyon at ipinagbibili mo ang iyong karapatan ng pagkapanganay, kapatid, nais mo mang paniwalaan iyon o hindi. Ang bawat Protestanteng grupo na lumabas na at pagkatapos ay bumalik pang muli ay ipinagbili na ang kanilang karapatan ng pagkapanganay, at kapag ipinagbili mo ang iyong karapatan ng pagkapanganay, ikaw ay katulad lamang ni Esau—magagawa mong umiyak at magsisi nang lubos hangga't gusto mo, pero wala na itong maidudulot na anumang kabutihan sa iyo. May iisang bagay lamang na maaari mong gawin at iyan ay, “Lumabas kayo sa kanya, Aking bayan, at tumigil sa pakikibahagi sa kanyang mga kasalanan!” Ngayon kung hindi ninyo iniisip na tama ako, sagutin na lamang ninyo itong isang katanungan. Maaari bang sabihin sa akin ng sinumang taong nabubuhay kung anong iglesya o anong kilos ng Diyos ang nagkaroon na ng rebaybal at nakapanumbalik makaraang pasukin niya ang pag–oorganisa at naging isang denominasyon? Basahin ninyo ang mga kasaysayan ninyo. Wala kayong matatagpuan ni isa—wala ni isa man.

Oras noon ng hatinggabi para sa Israel nang makiisa siya sa sanlibutan at iniwan ang Espirituwal para sa pulitikal. Oras noon ng hatinggabi sa Nicaea nang gawin ng iglesya ang gayon ding bagay. Oras ng hatinggabi ngayon kung kailan ang mga iglesya ay nagkakatipun–tipong sama–sama.

Ngayon nang pakasalan ni Ahab si Jezebel ay pinahintulutan niya itong kunin ang salapi ng estado at magpatayo ng dalawang malalaking bahay-sambahan para kina Astarte at Baal. Ang isang ipinatayo para kay Baal ay sapat na ang laki para ang buong Israel ay makapunta at makasamba doon. At nang ikasal si Constantine at ang simbahan, nagkaloob siya sa simbahan ng mga gusali, at nagpalagay ng mga altar at mga rebulto, at inorganisa ang pamunuan ng simbahan na noo'y nabubuo na.

Nang mapasuporta ni Jezebel ang kapangyarihan ng estado sa kanyang likuran ay ipinagpilitan niya ang kanyang relihiyon sa mga tao at ipinapatay ang mga propeta at mga saserdote ng Diyos. Iyon ay naging lubhang malala hanggang sa akalain na ni Elias, na noo'y mensahero sa kanyang panahon, na siya na lamang ang isang natitira; subalit ang Diyos ay mayroon pang 7000 na hindi pa nangagsisiluhod kay Baal. At ngayon mismo doon sa kalagitnaan ng mga denominasyong iyon ng mga Baptist, Methodist, Presbyterian, atbp., may ilan na lalabas at babalik sa Diyos. Nais kong malaman ninyong ako ay hindi, ngayon, at kailanma'y hindi naging laban sa mga tao. Ang denominasyon iyon—ang sistemang iyon ng organisasyon ang siyang tinututulan ko. Kinakailangan kong tutulan iyon dahil kinapopootan iyon ng Diyos.

Ngayon huminto muna tayo rito nang ilang sandali at ulitin kung ano ang ating inihayag tungkol sa naturang pagsamba sa Tiatira. Sinabi kong sinasamba nila noon si Apollo (na siyang diyos na araw) kasama ang emperador. Ngayon itong si Apollo ay tinatawag na 'tagapigil ng kasamaan.' Inilayo niya ang kasamaan mula sa mga tao. Pinagpala niya sila at naging isang tunay na diyos sa kanila. Ipinagpapalagay na tinuturuan niya noon ang mga tao. Ipinaliwanag niya ang tungkol sa pagsamba, at mga seremonya sa templo, mga pagsisilbi sa mga diyos, tungkol sa mga hain at kamatayan at buhay pagkatapos ng kamatayan. Ang paraan kung paano niya nagawa ito ay sa pamamagitan ng isang propetisa na nakaupo sa ibabaw ng isang tatlong-paang upuan habang nasa kalagayang parang wala-sa-sarili. Naku! Nakikita n'yo ba iyon? Heto iyang propetisang tinatawag na Jezebel at tinuturuan niya ang

mga tao. At ang kanyang aral ay iniligaw ang mga lingkod ng Diyos at nabubuyo silang gumawa ng pakikiapid. Ngayon ang pakikiapid ay nangangahulugang 'pagsamba sa mga diyos-diyosan.' Iyan nga ang kahulugang espirituwal nito. Isa itong ilegal na pakikipag-isang-dibdib. Ang pakikipag-isang-dibdib ni Ahab at ang pakikipag-isang-dibdib ni Constantine ay kapwa ilegal. Ang dalawa'y kapwa gumawa ng espirituwal na pakikiapid. Bawat mapakiapid ay hahantong sa dagat-dagatang apoy. Gayon nga ang sabi ng Diyos.

Ngayon sa gayon, ang katuruan ng Iglesya Katolika (ang iglesya ay babae, isa itong babae) ay itinatakwil ang Salita ng Diyos. Ang papa na siyang literal na Apollo sa isang modernong bersiyon ay tinuruan ang mga tao na iugnay ng mga ito ang kanilang mga sarili sa mga diyos-diyosan. Ang Iglesyang Romano ay naging isang bulaang propetisa na ngayon sa mga tao sapagkat tinanggal na niya ang Salita ng Panginoon mula sa mga tao at ibinigay ang kanyang mga sariling kaisipan sa kung ano ang bumubuo sa pagpapatawad ng mga kasalanan, kung ano ang naghahatid ng mga pagpapala ng Diyos; at ang mga pari naman ay napalayo na nang husto sa pagpapahayag nang tahasan na may kapangyarihan kuno sila hindi lamang sa buhay kundi sa kamatayan. Itinuturo nila ayon sa sarili nila na mayroong purgatoryo, ngunit hindi mo iyan matatagpuan sa Salita. Itinuturo nilang ang mga panalangin at mga misa at salapi ay makapaghahango sa inyo mula sa purgatoryo at maipapasok kayo sa langit. Ang buong sistemang nakabatay sa katuruan nito ay bulaan. Hindi ito nakahimlay sa tiyak na pundasyon ng kapahayagan ng Diyos sa Kanyang Salita kundi nakahimlay sa nagbabago, at lumulubog, na buhanginan ng sarili nitong maka-diablong mga kabulaanan.

Ang iglesya ay napunta mismo mula sa pagiging organisasyon tungo sa denominasyon at mula rito'y sa bulaang katuruan. Tama iyan. Ang mga Romano Katoliko ay hindi naniniwalang ang Diyos ay nasa Kanyang Salita. Hindi po. Kung sila nga'y naniniwala dapat silang magsisi at bumalik, ngunit sinasabi nilang ang Diyos ay nasa Kanyang iglesya. Gagawin niyan ang Biblia na kasaysayan ng Iglesya Katolika.

Hindi iyan ganoon. Tingnan n'yo kung ano ang ginawa nila doon pa lang sa pagbabautismo sa tubig. Kinuha nila ito palayo sa pagiging maka-Cristianong Bautismo at ginawa itong isang pagano na may mga titulo. Hayaang ikuwento ko sa inyo ang tungkol sa isang pangyayaring naranasan ko sa isang paring Katoliko. Isang dalagang nabautismuhan ko minsan ang naging Katoliko, kaya gusto ng pari na makapanayam ako tungkol sa naturang dalaga. Kanyang tinanong kung anong uri ng bautismo ang tinamo niya. Sinabi ko sa kanyang binautismuhan ko siya sa maka-Cristianong Bautismo na siyang kaisa-isang uri na mayroon sa aking pagkakaalam. Inilubog ko siya sa tubig sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Sinabi sa akin ng naturang pari na sa isang panahon noon ay ginawa iyon ng Iglesya Katolika. Noon din ay tinanong ko siya kung kailan iyon ginawa ng Iglesya Katolika, dahil nabasa ko na ang kanilang mga kasaysayan at hindi ko matagpuan ang sinabi niya. Sinabi niya sa akin na iyon ay matatagpuan sa Biblia, at itinatag daw ni Jesus ang Iglesya Katolika. Tinanong ko siya kung ipinapalagay niyang si Pedro ay talagang siyang unang papa. Mariin niyang sinabing si Pedro nga. Tinanong ko siya kung ang mga misa ba ay winika sa Latin upang makatiyak na ang mga iyon ay tama at di kailanman magbabago. Sinabi niyang iyon ay totoo. Sinabi ko sa kanyang sa palagay ko sila'y napalihs nang napakalayo mula sa kung ano noon ang taglay nila sa pasimula. Ipinaalam ko sa kanya na kung pinaniniwalaan ngang talaga ng Iglesya Katolika ang Aklat ng Mga Gawa, kung gayon isa akong makalumang Katoliko. Sinabi niya sa akin na ang Biblia raw ang kasulatan ng Iglesya Katolika at ang Diyos daw ay nasa Kanyang iglesya. Hindi ako sumang-ayon sa kanya dahil ang Diyos ay nasa Kanyang Salita. Hayaang ang Diyos ay maging tapat kahit na ang bawat tao'y sinungaling. Kung mag-aalis ka o magdaragdag sa Aklat na iyan, ipinangako ng Diyos na magdaragdag din Siya ng mga salot doon sa mga nagdaragdag at aalisin naman ang kanilang bahagi mula sa Aklat ng Buhay kung sila'y mangahas na mag-alis mula rito. Apocalipsis 22:18, 19.

Hayaang ipakita ko lang kung paanong naniniwala ang Iglesya Romana Katolika na ang Diyos ay nasa iglesya sa halip na nasa Salita.

Narito ang isang halaw mula sa talaarawan ni Papa Juan na ika-23, “Ang aking karanasan sa loob ng tatlong taong ito bilang Papa, yamang ‘sa pagkatakot at panginingig’ ay tinanggap ko ang paglilingkod na ito na may dalisay na pagsunod sa *Kalooban ng Panginoon, na inihatid sa akin sa pamamagitan ng Sagradong Kolehiyo ng mga Kardinal sa pribadong pagpupulong ng mga kardinal*, ay sumasaksi sa kawikaang ito at isang nakakaantig at walang-kupas na dahilan para sa akin na maging tapat dito; ganap na pagtitiwala sa Diyos, sa lahat ng mga may kinalaman sa kasalukuyan, at sakdal na kapayapaan na patungkol naman sa hinaharap.” Ipinapahayag ng papang ito na ang Diyos ay nangusap sa pamamagitan ng iglesyang inihahayag ang Kanyang kalooban. Gaano kabulaan. Ang Diyos ay nasa Kanyang Salita at nangungusap sa pamamagitan ng Salita na inihahayag ang Kanyang kalooban. Binanggit din niyang inilagak niya ang ganap na pagtitiwala sa salita ng mga tao at sa gayon ay sinunod iyon na may katahimikan. Ito’y waring napakaganda subalit ito ay napakabulaan. Sadyang katulad ng pagbabaluktot noon sa Halamanan ng Eden.

Ngayo’y dumako naman tayo dito sa Apocalipsis 17 at tingnan ang babaeng ito, ang iglesya, na nabubuhay sa mga bulaang propesiya at hindi sa Salita ng Diyos. Sa talata 1 ang Diyos ay tinatawag siyang dakilang patutot. Bakit siya isang patutot? Dahil siya ay nasa pagsamba sa mga diyos-diyosan. Nasilo niya ang mga tao na mapasok sa gayon ding bagay. Ano ang lunas sa pagsamba sa mga diyos-diyosan? Ang Salita ng Diyos. Kaya ang babaeng ito ay isang patutot dahil sa iniwan na niya ang Salita. Hayan siyang nakaupo sa ibabaw ng maraming tubig, na ang ibig sabih’y napakaraming mga tao. Ito ay tiyak na siyang bulaang iglesya sapagkat ang iglesya ng Diyos ay maliit—kakaunti lamang ang mga makasusumpung nito.

Pansinin kung ano ang itsura niya sa mga mata ng Diyos, kahit na gaano pa siya magmukhang kahanga-hanga sa mga tao at gaano pa kapilosopikal ang dating niya. Siya ay lasing na lasing na sa kanyang mga pakikipid. Ngayon siya ay nalango na sa mga dugo ng mga martir. Sadyang katulad ni Jezebel noon na ipinapatay ang mga

propeta at mga saserdote at nilipol ang mga tao ng Diyos na ayaw lumuhod at sumamba kay Baal. At ganyang-ganyan nga ang ginawa ng Iglesya Katolika. Pinagpapatay nila yaong mga ayaw magsiyukod sa makapapang paghahari. Yaong mga naghangad ng Salita ng Diyos sa halip na mga salita ng mga tao ay ipinapatay, karaniwa'y sa pamamagitan ng malulupit na mga kaparaanan. Subalit ang iglesyang ito na nakitungo sa pamamagitan ng kamatayan ay patay na mismo at hindi iyon nalalaman. Wala nang buhay sa kanya at walang mga tandang kailanma'y sumunod sa kanya.

PANAHAON UPANG MAKAPAGSISI

Apocalipsis 2:21, "At binigyan Ko siya ng panahon upang makapagsisi; at siya'y ayaw magsisi sa kaniyang pakikiapid." Alam ba ninyong ang iglesyang ito sa katunayan ay higit na masama pa kaysa kay Ahab? Alam ba ninyong nagsisi siya sandali at lumakad nang marahan sa harapan ng Diyos? Hindi mo masasabi iyan tungkol sa Iglesya Romana Katolika. Hindi po. Kailanma'y hindi siya nagsisi kundi walang-humpay na sinira ang sinuman at lahat ng mga nagsikap na tulongan siyang makapagsisi. Iyan ay kasaysayan. Ngayon ang Diyos ay patuloy na nagpapalitaw hindi lamang ng mga mensahero sa bawat kapanahunan kundi nagpalitaw din Siya ng ilan sa mga kahanga-hangang katuwang para sa mga mensaherong iyon. Binigyan Niya ang bawat kapanahunan ng ilang kahanga-hangang mga tao ng Diyos at ginawa nila ang lahat ng kanilang makakaya upang maibalik ang iglesya sa Diyos. Tiyak na binigyan siya ng Diyos ng pagkakataon at tulong upang makapagsisi. Nakapagsisi nga ba siya at ipinakitang ginawa nga niya iyon sa pamamagitan ng kanyang mga bunga? Hindi po. Kailanma'y hindi niya iyon ginawa at kailanma'y hindi niya iyon gagawin. Lango na siya. Nawalan na siya ng kanyang mga pandama sa mga espirituwal na bagay.

Ngayon huwag kayong malito at magsimulang magpalagay na ang Iglesya ng Roma ay nagsisi na sa kanyang pamamaslang sa mga banal dahil lang sa tinatangka niyang papagkaisahin ang mga Protestante sa pamamagitan ng paghahanay ng kanyang mga kredo sa mga

Kredong Protestante. Ni minsan ay hindi siya humingi ng paumanhin at nagsabing mali siya noon sa kanyang maramihang pamamaslang. At hindi rin niya iyon gagawin. At kahit na gaano pa siya magmukhang maamo at magiliw sa partikular na panahong ito, titindig pa rin siya para pumatay, sapagkat ang pagpaslang ay nakahimlay sa kanyang masama at walang-pagsisising puso.

IPINASYANG KAHATULAN LABAN SA PATUTOT

Apocalipsis 2:22–23, “Narito, Akin siyang ihahagis sa isang higaan ng karamdaman, at ang mga nakikiapid sa kaniya sa malaking kapighatian, maliban na kung sila’y magsisipagsisi sa kanilang mga gawa. At papatayin Ko ng kamatayan ang kaniyang mga anak; at malalaman ng lahat ng mga iglesia na Ako’y Yaong sumasaliksik ng mga pagiiisip at ng mga puso: at bibigyan Ko ang bawa’t isa sa inyo ng ayon sa inyong mga gawa.”

Ano? Ang babaeng ito ay may mga anak? At isa siyang patutot? Kung ganyan nga na nagkaroon siya ng mga anak sa kanyang mga pakikiapid kung gayo’y kinakailangan siyang sunugin sa apoy gaya ng sinabi ng Salita. Iyan ay tiyak na totoo. Iyan ang kanyang kahihinatnan sapagkat siya’y susunugin sa apoy. Ang kanyang katapusan ay ang dagat–dagatang apoy. Ngunit huminto muna at mag–isip tungkol sa mga anak na ito sa ilang sandali. Ang babae ay ang siyang kung kanino lumalabas ang mga anak. Maliwanag na ang babaeng ito ay may mga anak na lumabas mula sa kanya ngunit ginawa ng mga ito ang siya ring bagay na ginawa niya. Pakitaan ninyo ako ng isang iglesyang lumabas na mula sa isang organisasyon na hindi agad bumalik papasok rito. Wala ni isa. Kahit isa. Nagsilabas ang mga Lutheran at pagkatapos ay muling nag–organisa agad at sa kasalukuyan sila ay napakalapit–loob sa ekumenikal na kilusang ito. Nagsilabas ang mga Methodist at muli silang nag–organisa agad. Nagsilabas ang mga Pentecostal at muli silang nag–organisa agad. May isa pang lalabas, at purihin ang Diyos sila ay hindi na mag–oorganisa dahil batid na nila ang katotohanan. Ang grupong iyan ay magiging ang nobya sa huling panahon.

Ngayon binanggit dito na ang patutot na ito ay nagkaroon ng mga anak. Ngayon sila ay mga ano? Sila ay mga anak na babae, pagkat sila ay mga iglesya ring katulad niya. Ngayon heto ang isang interesanteng bahagi. Sina Jezebel at Ahab ay nagkaanak ng isang babae. Pinakasalan ng anak na babaeng iyan si Jehoram na anak ni Josaphat at sa Ikalawang Mga Hari 8:16 ay sinasabi na “si Jehoram ay lumakad sa landas ng kanyang biyenang lalaki.” Nagtungo siya mismo sa pagsamba sa mga diyos–diyosan sa pamamagitan ng pakikipag–isang–dibdib na ito. Dinala niya ang Judang may–takot–sa–Diyos at sumasamba–sa–Diyos patungo sa pagsamba sa mga diyos–diyosan. Ganyang–ganyan nga ang ginawa nitong lahat na mga anak na iglesya, gaya ng natukoy ko na sa inyo. Nagsisimula sila sa katotohanan at nakikipag–isang–dibdib sa organisasyon at iniiwan ang Salita para sa tradisyon, mga kredo, atbp. Ngayon hayaang gawin ko itong madaling maunawaan. Sa Mga Hebreo 13:7 ay sinasabi, “Alalahanin ninyo ang mga namumuno sa inyo na siyang nangagsalita sa inyo ng Salita ng Diyos.” Ang Salita ang namamahala sa atin, hindi mga tao. Ngayon ang isang lalaki bilang isang asawa ay ulo ng babae. Pinamamahalaan niya siya. Ngunit ang iglesya ay isang babae, rin, at ang kanyang tagapamahala ay ang Salita. Si Jesus ang Salita. Kung tatanggihan niya ang Salita at tatanggap ng ano pa mang ibang kapanguluhan ay isa siyang mangangalunya. Ngayon bumanggit kayo sa akin ng isang iglesya na hindi isinuko ang Salita para sa mga tradisyon at mga kredo. Silang lahat ay pawang mga mangangalunya—kung ano ang ina, gayon din ang anak na babae.

Ano ang magiging kaparusahan ng patutot na ito at ng kanyang mga anak? Buweno, iyon ay magiging dalawang uri. Una ay Kanyang sinabi, “Akin siyang ihahagis sa highaan ng karamdaman.” Ayon sa huling bahagi ng talata 22 iyon ay magiging isang highaan ng kapighatian, o ang malaking kapighatian. Iyan nga ang tiyak na sinabi ni Jesus sa Mateo 25:1–13. May sampung birhen. Ang lima ay matatalino at ang lima ay mangmang. Ang limang matatalino ay may dalang langis (ang Espiritu Santo) ngunit ang iba pang lima ay wala. Nang pumailanlang ang sigaw na, “Narito na ang Kasintahang Lalaki,” kinailangan ng limang

mangmang na tumakbong naghahanap ng langis samantalang ang limang matatalino naman ay nagsipasok sa kasalan. Ang limang nanatili sa labas ay naiwan sa malaking kapighatian. Iyan ang mangyayari sa lahat ng mga hindi makakasama paitaas sa pag-agaw. Iyan ang mangyayari sa patutot at sa kanyang mga anak na babae. Ikalawa, sinasabing papatayin Niya sila ng kamatayan o gaya ng isang literal na salin na nagsasabing, “Hayaan silang mamatay sa pamamagitan ng kamatayan.” Ito ay isang kakaibang pangungusap. Maaari nating sabihin, “Hayaang mamatay ang isang tao sa pamamagitan ng pagbitay, o sa pamamagitan ng pagkuryente o kung anong iba pang paraan.” Ngunit sinasabi nito, “Hayaan silang mamatay sa pamamagitan ng kamatayan.” Ang kamatayan mismo ang dahilan ng kanilang pagkamatay. Ngayon nais kong makita ninyo ito nang malinaw kaya dadalhin ko ang ating paglalarawan muli tungkol sa anak na babae ni Jezebel na nakikipag-isang-dibdib papasok sa sambahayan ni Juda at sa gayong paraan ay dinadala ito mismo sa pagsamba sa mga diyos-diyosan at naging sanhi upang ihatid ng Diyos ang Juda sa kamatayan. Iyan ang ginawa ni Balaam, din. Kaya heto si Jezebel kasama ang kanyang paganismo. Sa banda roon naman ay ang Juda na sumasamba nang tama sa Diyos at namumuhay na nakapasakop sa Salita. Kaya’t ipinakasal ni Jezebel ang kanyang anak na babae kay Jehoram. Pagkatapos na pagkatapos na maganap iyan, pinapaging tagasamba na ni Jehoram sa mga diyos-diyosan ang mga tao. Pagkatapos na pagkatapos na maganap ang kasalang iyan ang Juda ay patay na. Pumasok na ang Espirituwal na kamatayan. Pagkatapos na pagkatapos na mag-organisa ang Roma, ay namatay ito. Pagkatapos na pagkatapos na mag-organisa ang mga Lutheran, pumasok ang kamatayan at sila’y nangamatay. Ang mga Pentecostal ay dumating din sa huli at sila’y nag-organisa. Lumisan ang Espiritu, bagaman hindi nila pinaniniwalaan iyon. Ngunit Siya nga’y lumisan. Ang kasalang iyan ay naghatid ng kamatayan. Pagkatapos ay dumating ang liwanag ng Pagiging-Isa ng Pagka-Diyos. Sila ay nag-organisa at namatay din sila. Pagkatapos makaraang bumaba ang apoy ng Diyos doon sa Ilog Ohio noong 1933 ay lumaganap sa buong

mundo ang isang rebaybal ng pagpapagaling, ngunit kailanma'y hindi iyon nagmula sa alinmang organisasyon. Ang Diyos ay lumabas sa mga grupong Pentecostal, sa labas ng organisasyon, at kung ano man ang gagawin Niya sa hinaharap ay magiging sa labas ng organisasyon, din. Ang Diyos ay hindi maaaring kumilos sa pamamagitan ng mga patay. Maaari lamang Siyang kumilos sa pamamagitan ng mga BUHAY na bahagi. Ang mga buhay na bahaging iyon ay nasa labas ng Babilonia.

Kaya nakita n'yo, ang "Kamatayan" o "Organisasyon" ay dumating, at ang iglesya ay namatay, o upang gawin itong higit na malinaw ang kamatayan ay naging isang naninirahan kung saan kani-kanina lamang ay tanging BUHAY ang naghahari. Kung paanong ang orihinal na Eba ay naghatid ng kamatayan sa sangkatauhan ay gayon din ngayon na ang organisasyon ay naghatid ng kamatayan, sapagkat ang organisasyon ay ang bunga ng dalawang tagapagpasama, ang Nicolaitanismo at Balaamismo, na pinalaganap ng propetisang si Jezebel. Ngayon si Eba ay sinunog na sana kasama ng serpiyente dahil sa kanilang nakapangingilabot na gawa. Ngunit namagitan si Adan, na noo'y kaagad na isinama ito sa kanyang sarili nang sa gayo'y maligtas ito. Ngunit kapag nadaanan na ng Satanikong relihiyong ito ang buong kahabaan ng mga kapanahunan, wala na ni isang mamamagitan, at susunugin na siya kasama ng kanyang manrarahuyo, sapagkat ang patutot at ang kanyang mga anak at ang anticristo at si Satanas ay matatagpuang lahat ang kani-kanilang lugar sa dagat-dagatang apoy.

Dito mismo ay mauunahan ko na ang sarili ko at marahil dapat kong ilaan ito para sa mensahe sa huling kapanahunan, ngunit para bang tama lamang na isama na ito ngayon dahil ito'y may napakalinaw na kinalaman sa organisasyon at kung ano'ng magaganap sa pamamagitan nito. At nais kong balaan kayo. Apocalipsis 13:1-18, "At ako'y tumayo sa buhanginan ng dagat, at nakita ko ang isang hayop na umaahon sa dagat, na may sangpung sungay at pitong ulo, at sa kanilang mga sungay ay may sangpung diadema, at sa kaniyang mga ulo ay mga pangalan ng kapusungan. At ang hayop na aking nakita ay katulad ng isang leopardo, at ang kaniyang mga paa ay gaya

ng sa oso, at ang kaniyang bibig ay gaya ng bibig ng leon; at ibinigay sa kaniya ng dragon ang kaniyang kapangyarihan, at ang kaniyang luklukan at dakilang kapamahalaan. At nakita ko ang isa sa kaniyang mga ulo na waring sinugatan ng ikamamatay; at ang kaniyang sugat na ikamamatay ay gumaling: at ang buong lupa'y nanggilalas sa hayop. At sila'y nangagsisamba sa dragon sapagka't ibinigay niya ang kaniyang kapamahalaan sa hayop: at nangagsisamba sa hayop, na nangagsasabi, Sino ang kagaya ng hayop? at sinong makababaka sa kaniya? At binigyan siya ng isang bibig na nagsasalita ng malalaking bagay at mga kapusungan; at binigyan siya ng kapamahalaan upang magpatuloy na apat na pu't dalawang buwan. At binuka niya ang kaniyang bibig sa mga kapusungan laban sa Dios, upang pusungin ang Kaniyang pangalan, at ang Kaniyang tabernakulo, gayon din naman ang mga nananahan sa langit. At ipinagkaloob sa kaniya na makipagbaka sa mga banal, at pagtagumpayan sila: at binigyan siya ng kapamahalaan sa bawa't angkan at bayan, at wika, at bansa. At ang lahat ng nangananahan sa lupa ay magsisisamba sa kaniya, na ang kanikaniyang pangalan ay hindi nasusulat sa Aklat ng Buhay ng Kordero na pinatay buhat nang itatag ang sanglibutan. Kung ang sinoman ay may pakinig, ay makinig. Kung ang sinoman ay sa pagkabihag, ay sa pagkabihag paroroon siya: kung ang sinoman ay papatay sa tabak ay dapat siyang mamatay sa tabak. Narito ang pagtitiyaga at ang pananampalataya ng mga banal. At nakita ko ang ibang hayop na umaahon sa lupa; at may dalawang sungay na katulad ng sa isang kordero, at siya'y nagsasalitang gaya ng dragon. At kaniyang isinasagawa ang buong kapamahalaan ng unang hayop sa kaniyang paningin, at pinasasamba niya ang lupa at ang nangananahan dito sa unang hayop, na gumaling ang sugat na ikamamatay. At siya'y gumagawa ng mga dakilang tanda, na ano pa't nakapagpapababa ng kahit apoy mula sa langit hanggang sa lupa sa paningin ng mga tao. At nadadaya niya ang mga nananahan sa lupa dahil sa mga tanda na sa kaniya'y ipinagkaloob na magawa sa paningin ng hayop; na sinasabi sa mga nananahan sa lupa, na dapat silang gumawa ng isang larawan ng hayop, na mayroon ng sugat ng tabak, at nabuhay. At siya'y

pinagkaloobang makapagbigay ng hininga sa larawan ng hayop, upang ang larawan ng hayop ay makapangusap, at maipapatay naman ang lahat ng hindi sumasamba sa larawan ng hayop. At ang lahat, maliliit at malalaki, mayayaman at mga dukha, mga laya at mga alipin, ay pinabigyan ng isang tanda sa kanilang kanang kamay, o sa kanilang mga noo: At nang huwag makabili o makapagbili ang sinoman, kundi siyang mayroong tanda, sa makatuwid ay ng pangalan ng hayop, o bilang ng kaniyang pangalan. Dito'y may karunungan. Ang may pagkaunawa ay bilangin ang bilang ng hayop: sapagka't siyang bilang ng isang tao; at ang kaniyang bilang ay anim na raan at anim na pu't anim."

Ipinakikita ng kabanatang ito ang kapangyarihan ng Iglesya Romana Katolika at kung anong gagawin niya sa pamamagitan ng organisasyon. Tandaan na ito ay ang bulaang puno. Ipahayag pa man nito ang Pangalan ng Panginoon, ginagawa lamang nito ang gayon sa isang kabulaanan. Ang pagkapangulo nito ay hindi mula sa Panginoon kundi mula kay Satanas. Humahantong ito sa wakas bilang ganap na kaisa na sa hayop. Ang patutot na nakasakay sa hayop na pula ay malinaw na nagpapakitang ang kanyang kapangyarihan ay ang diyos ng karahasan (si Satanas) at hindi ang ating Diyos, ang Panginoong Jesus Cristo.

Sa talata 17, ay tahasang ipinapakita na magtatamo siya ng ganap na kontrol sa komersiyo ng mundo, sapagkat walang taong makabibili o makapagbibili bukod sa kanya. Ito ay pinatunayan sa Apocalipsis 18:9-17 na ipinapakita ang kanyang pagkakasangkot sa mga hari, mga prinsipe, mga mangangalakal, na lahat ay pawang may kinalaman sa Roma at komersiyo.

Sa Apocalipsis 13:14, ay napag-aalaman nating pinalalaganap ng hayop ang kanyang impluwensiya sa pamamagitan ng larawan na ginawa para sa kanya. Ang naturang larawang ginawa ay isang pandaigdigang konsehong ekumenikal, kung saan ang lahat ng mga organisadong iglesya ay magkakatipun-tipong kasama ng mga Romano Katoliko (ginagawa na nila ito maging sa ngayon). Ganap na posibleng ang pag-iisang ito ay darating upang pigilin ang kapangyarihan ng komunismo. Subalit yamang ang komunismo gaya ni Nebuchadnezzar

ay pinalitaw upang sunugin ang laman ng patutot, ang Roma ay madadaig at wawasakin. Pansinin na saan man magtungo ang maka-Romang iglesya, ay sumunod ang komunismo. Kinakailangang maging ganyan nga. At hayaang balaan ko kayo ngayon, huwag ninyong isiping komunismo lamang ang inyong kaaway. Hindi po. Ito ay ang Iglesya Katolika rin, at mas higit pa nga.

Ngayo'y basahin natin ang Apocalipsis 13:1-4, at ikumpara ito sa Apocalipsis 12:1-5. Apocalipsis 13:1-4, "At ako'y tumayo sa buhanginan ng dagat, at nakita ko ang isang hayop na umaahon sa dagat, na may sangpung sungay at pitong ulo, at sa kaniyang mga sungay ay may sangpung diadema, at sa kaniyang mga ulo ay mga pangalan ng kapusungan. At ang hayop na aking nakita ay katulad ng isang leopardo, at ang kaniyang mga paa ay gaya ng sa oso, at ang kaniyang bibig ay gaya ng bibig ng leon; at ibinigay sa kaniya ng dragon ang kaniyang kapangyarihan, at ang kaniyang luklukan at dakilang kapamahalaan. At nakita ko ang isa sa kaniyang mga ulo na waring sinugatan ng ikamamatay; at ang kaniyang sugat na ikamamatay ay gumaling: at ang buong lupa'y nanggilalas sa hayop. At sila'y nangagsisamba sa dragon sapagka't ibinigay niya ang kaniyang kapamahalaan sa hayop: at nangagsisamba sa hayop, na nangagsasabi, Sino ang kagaya ng hayop? at sinong makababaka sa kaniya?" Apocalipsis 12:1-5, "At ang isang dakilang tanda ay nakita sa langit; isang babae na nararamtan ng araw, at ang buwan ay nasa ilalim ng kaniyang mga paa, at sa kaniyang ulo ay may isang putong na labingdalawang bituin: At siya'y nagdadalang tao at siya'y sumisigaw, na nagdaramdam sa panganganak, at sa hirap upang manganak. At ang ibang tanda ay nakita sa langit; at narito ang isang malaking dragong mapula, na may pitong ulo at sangpung sungay, at sa kaniyang mga ulo'y may pitong diadema. At kinaladkad ng kaniyang buntot ang ikatlong bahagi ng mga bituin sa langit, at ipinaghagis sa lupa: at lumagay ang dragon sa harapan ng babaing manganganak na, upang lamunin ang kaniyang anak pagkapanganak niya. At siya'y nanganak ng isang anak na lalake, na maghahari na may panghampas na bakal sa lahat ng mga bansa: at ang kaniyang

anak ay inagaw na dinala hanggang sa Dios, at hanggang sa Kaniyang luklukan.” Si Satanas at ang kanyang Satanikong relihiyon ay nasa dalawang hayop na ito. Sa Apocalipsis 14, ang hayop na nasugatan ng ikamamatay ngunit nabuhay muli ay ang imperyal na paganong Roma na bumagsak sa mabangis na pagsalakay ng mga barbaro at sa gayon ay nawalan ng kanyang kapangyarihang pandaigdig. Ngunit muli niyang tinamo iyon sa maka-papang Roma. Nakikita n’yo ba iyon? Ang bansang naghari sa pamamagitan ng pagdurog sa lahat at siyang naging pinakamalakas na imperyong kailanma’y nakilala, ay sa wakas nasugatan ng ikamamatay. Ang kanyang kapangyarihan ay pisikal na nawala pagdating sa pagkontrol sa pamamagitan ng mga hukbo, atbp. Subalit sa ilalim ni Constantine ay muli siyang nabuhay, pagkat napasok na ng maka-papang Roma ang buong daigdig, at ganap ang kanyang kapangyarihan. Gumagamit siya ng mga hari at mga mangangalakal at sa kanyang matinding panrelihiyon at pinansiyal na puwersa ay namamahala siya bilang siyang diyosa nitong kasalukuyang kapanahunan. Siya rin ang dragong iyon na nakatayong naghihintay na lamunin ang naturang anak na lalaki. Sinikap ni Herodes na patayin ang Panginoong Jesus at nabigo. Sa bandang huli si Jesus ay ipinako sa krus ng mga sundalong Romano, ngunit ngayon ay itinaas na sa luklukan.

Ngayon kasama ng kung ano ang kasasabi ko pa lamang, alalahanin ang pangitain ni Daniel. Ang huling bahagi ng larawan, ang huling pandaigdig na kapangyarihan ay nasa mga paa. Lyon ay bakal at luwad. Tingnan n’yo ang bakal ay ang Imperyong Romano. Subalit ngayon ay hindi na ito purong bakal. Ang luwad ay nakahalo na rito. Gayunma’y naroroon ito at nagpapatakbo ng mga pandaigdigang usapin sa kapwa mga demokratikong bansa at sa higit na mga mapaniil. Ang mala-Romang iglesia ay nasa bawat bansa. Ito ay nakahalo na sa lahat ng ito.

Hayaang bigyan ko kayo ng isang munting mahalagang bagay tungkol sa bakal at luwad. Natatandaan n’yo ba nang ipukpok ni Khrushchev ang kanyang sapatos sa ibabaw ng desk doon sa U.N.? Buweno, may

limang silanganing bansa roon at limang kanluranin. Si Khrushchev ang nagsalita para sa Silangan at si Pangulong Eisenhower naman para sa Kanluran. Sa wikang Ruso, ang Khrushchev ay luwad at ang Eisenhower ay nangangahulugang bakal. Ang dalawang pangunahing pinuno sa daigdig, ang dalawang malalaking daliri ng mga paang bakal at luwad, ay magkatabi noon. Tayo ay nasa dulo na ng lahat ng ito.

Sa talata 4, ay itinatanong, “Sino ang makababaka sa hayop?” Ngayon mayroon sa kasalukuyan na ilang mga dakilang pangalan sa mundo. Mayroong ilang malalakas na mga bansa, ngunit ngayon mismo ang Roma ang nagdidikta. Ang papa ang kumokontrol ng lahat. At ang kanyang kapangyarihan ay lalakas pa. Walang makababaka sa kanya.

Talata 6, “At binuksan niya ang kaniyang bibig sa pamumusong.” (Na itinuturo nila bilang mga aral ang mga alituntunin ng mga tao, matitigas ang ulo, mga palalo, mga maibigin sa kalayawan, may anyo ng kabanalan at tinatanggihan ang kapangyarihan nito.) Pinusong niya ang Pangalan ng Diyos—pinapalitan ang Pangalang iyan ng mga titulo at tumatangging gawin sa ibang paraan.

Talata 7, “At ipinagkaloob sa kaniya na makipagbaka sa mga banal.” Pag-uusig—kamatayan sa tunay na mananampalataya at lahat sa Pangalan ng Panginoon upang ang Pangalan ng Diyos ay mapusong, na gaya rin naman sa Rusya, dahil sa ginawa ng relihiyong Katoliko roon.

Talata 8, “At ang lahat ng nangananahan sa lupa (ang lahat na ang mga pangalan ay hindi nakasulat sa Aklat ng Buhay ng Kordero na pinatay mula pa sa pagkatatag ng sanlibutan) ay magsisisamba sa kanya.”

Salamat sa Diyos ang mga tupa ay hindi sasamba sa kanya. Bawat isa maliban sa pinaka mga hinirang ay malilinlang. Ngunit hindi sila malilinlang. Sapagkat pinapakinggan nila ang tinig ng Pastol at sumusunod sila sa Kanya.

Ngayon kung gayon, tingnan n'yo ito, kung ano ang ating pinagsisikapang ipakita sa inyo. Itong binhi ng kamatayan na nagsimula

sa unang kapanahunan—itong binhi ng pag-oorganisasyon, ay sa wakas lumaki nang siyang punongkahoy kung saan nagpupugad ang bawat karumal–dumal na ibon. Sa kabila ng kanyang mga pahayag na siya ang tagapagbigay ng buhay, siya ang tagapagbigay ng kamatayan. Ang kanyang bunga ay KAMATAYAN. Ang mga nakikibahagi sa kanya ay mga patay na. Itong makapangyarihang sistemang pandaigdig na iglesya na niloloko ang sanlibutan na nasa kanya kuno ang pisikal at espirituwal na kaligtasan ay nililiinlang at nililipol ang katakut–takot na dami ng mga tao. Ngunit hindi lamang na ikinakatawan niya ang kamatayan, kundi ito mismong patay na bulok na nilalang ay papatayin sa pamamagitan ng kamatayan na samakatuwid ay ang dagat–dagatang apoy. Oh, mapagkilala nawa ng mga tao kung ano ang kanilang magiging katapusan sa pananatili sa kanya. “Lumabas kayo sa kanya, sapagkat bakit kailangan pa ninyong mamatay?”

ISANG PANGWAKAS NA BABALA

Apocalipsis 2:23, “At papatayin Ko ng kamatayan ang kaniyang mga anak; at malalaman ng lahat ng mga iglesya na Ako’y Yaong sumasaliksik ng mga pagiisip at ng mga puso: at bibigyan Ko ang bawa’t isa sa inyo ng ayon sa inyong mga gawa.”

Ang Diyos ay tumitingin sa puso. Hindi iyan nagbago kailanman. Ni hindi na ito kailanman magbabago pa. Dito, katulad ng sa lahat ng mga kapanahunan ay may dalawang grupo, na kapwa nagpapahayag ng kani–kanilang kapahayagan mula sa Diyos at ng kanilang kaugnayan sa Diyos, “Gayon ma’y ang matibay na pinagsasaligan ng Dios ay nananatili, na may tatak nito, *Nakikilala ng Panginoon ang mga Kaniya.*” Ikalawang Timoteo 2:19, “Sinasaliksik ng Panginoon ang mga pag–iisip.” Ang salitang ‘saliksikin’ ay nangangahulugang ‘bakasin’ o ‘tugaygayan.’ Sinusubaybayan ng Diyos ang ating mga kaisipan (mga pag–iisip); batid Niya kung ano ang nasa ating mga puso. Nakikita Niya ang ating mga gawa na isang malinaw na tagapagpakita ng kung ano ang naroroon sa loob natin. Nagmumula sa puso iyon kung ang lumalabas ba ay pagkamatuwid o kasamaan. Ang ating mga motibo, ang ating mga

layunin—ang lahat ay batid Niya sapagkat binabantayan Niya ang bawat kilos. At bawat kilos, bawat salita ay dadalhin sa kahalutugan kapag ibinigay na ang pagkakatuos para sa ating mga buhay. Walang pagkatakot sa Diyos sa harapan ng bulaang puno at magbabayad sila nang mahal. Ang lahat ng mga nagpapahayag ng Kanyang Pangalan, ay mamuhay nang gayon ayon sa nararapat sa mga banal. Maaari nating lokohin ang mga tao subalit hindi natin kailanman maloloko ang Panginoon. 🕊

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na pinamagatang *Ang Babaeng Iyon Na Si Jezebel*, ay sinipi mula sa kabanatang Ang Kapanahunan Ng Iglesyang Tiatira ng kanyang aklat na pinamagatang *Isang Paglalahad Ng Pitong Kapanahunan Ng Iglesya*, at inilimbag rito nang walang pagbabago at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2011 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Ang mga orihinal na Mensahe ni Kapatid na William Marrion Branham ay nakarekord sa mga magnetikong teyp, na higit 1100 ang maaaring makuha. Karamihan sa mga sermong ito ay nasa anyong aklat, na inilimbag nang walang pagbabago. Ang mga teyp, compact discs, aklat, films, larawan, at iba pang nakatutulong na impormasyon tungkol sa kanyang pandaigdigang ministeryo ay maaaring makuha sa pamamagitan ng pagsulat sa:

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.

www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org